Employment Standards Branch

FACTSHEET

Ang factsheet na ito ay inihanda para magbigay ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito isang legal na dokumento.
Mangyaring tingnan ang Employment Standards Act and Regulation para sa mga layunin ng pagpapakahulugan at pagpapairal ng batas.

July 2016

Farm Labour Contractors

Ang farm labour contractor ay nagbibigay ng labour sa mga producer para sa pagtatanim, pag-cultivate, o pag-ani ng mga agrikulturang produkto. Bagama't ang mga trabahador ay maaaring magtrabaho sa iba't-ibang uri ng mga bukid na pagmamay-ari ng iba't-ibang mga producer, sila'y mga empleyado ng farm labour contractor.

Ang mga farm labour contractor ay dapat lisensyado sa ilalim ng *Employment Standards Act*, maliban sa mga nagtratrabaho lamang sa silviculture o sa pag- spray o pag-prune ng mga puno. Ang mga producer ay hindi kinakailangang lisensyado bilang farm labour contractor kung kukuha lamang sila ng mga taong mag-aani sa kanilang sariling lupa.

Mga Kinakailangan Para sa Lisensiya Ang mga aplikante para sa isang farm labour contractor licence ay dapat pumasa ng isang nakasulat na pagsusulit sa Act and Regulation at mag-post ng security para sa bawat empleyado, bilang bond na katumbas ng 80 oras sa minimum na suweldo.

Ang halaga ng bond ay babawasan kung ang farm labour contractor ay hindi sumalungat sa "pinakamahalagang pangangailangan" ng Batas tulad ng nakatakda sa mga sumusunod na seksyon:

- Section 13(1) - ang farm labour contractors ay dapat lisensyado;
- Seksyon 17(1) - mga pay day;
- Seksyon 28 - mga payroll record;
- Seksyon 58 - vacation pay; at
- Seksyon 15 at 18(1) - minimum na suweldo.

Ang halaga ng bond ay babawasan bawat taon na hindi sumasalungat ang farm labour contractor sa alinman sa mga pinakamahalagang pangangailangan. Ang halaga ng pagbawas ay:

Panahon na hindi lumabag	*Multiplier*
1 taon hanggang wala pang 2 taon	60
2 taon hanggang wala pang 3 taon	40
3 taon o higit pa	20

Kung ang farm labour contractor ay walang dating paglabag sa Batas, ang lisensiya ay maaaring iisyu para sa tatlong taon. Kung hindi ay dapat baguhin ang lisensiya bawat taon.

Mga hindi lisensyadong contractor
Kailangang gumamit ang isang producer ng lisensyadong farm labour contractors lamang. Ang producer na gumamit ng hindi lisensyadong farm labour contractor ay mumultahan ng mula $500 hanggang $10,000.

For more information:
Phone: 1 800 663-3316
or 250-612-4100 in Prince George
Website: www.gov.bc.ca/EmploymentStandards

Ang producer na gumagamit ng mga trabahador sa bukid na inilaan ng isang hindi lisensyadong farm labour contractor ay isasaalang-alang na tagapag- empleyo ng mga trabahador sa bukid para sa mga layunin ng Batas at maaaring managot sa anumang mga suweldong hindi binayaran.

Mga tungkulin ng farm labour contractors:
Dapat gawin ng farm labour contractor ang lahat ng mga sumusunod:

- Dalhin lagi ang lisensiya ng farm labour contractor habang isinasagawa ang mga lisensyadong gawain;
- Mag-display ng kopya ng lisensiya sa lahat ng mga sasakyan na ginagamit para sa mga empleyado;
- Ipakita muna ang lisensiya sa lahat ng mga tao kung kanino balak ng farm labour contractor magtrabaho bilang farm labour contractor;
- Sabihin agad sa direktor ang anumang pagbabago sa address ng negosyo o bahay ng farm labour contractor;
- Bigyan ang direktor ng pinakabagong listahan ng mga registration number at mga plaka ng lahat ng mga sasakyang ginagamit para sa mga empleyado;
- Siguraduhin na ang bawat sasakyang ginagamit para sa mga empleyado ay kinabitan ng inspection certification na hindi expired, at magbigay ng kopya nito sa direktor;
- Siguraduhin na ang bawat taong nagmamaneho sa mga empleyado ay may balidong lisensiya ng pagmamaneho para sa kategoriya ng sasakyan na minamaneho; at
- Magpaskil ng paunawa na ibinigay ng direktor, na gumagalang sa kaligtasan ng sasakyan at pasahero, kasama ang mga kinakailangan ukol sa nagmamaneho, pag-upo, at seat belt, sa bawat sasakyan na ginagamit para sa mga empleyado.

Pagtago ng mga Rekord
Ang farm labour contractor ay dapat magtago ng pang-araw-araw na log sa bawat lugar ng trabaho na maaaring inspeksyunin ng direktor. Dapat nilalaman nito ang sumusunod na impormasyon:

- Ang pangalan ng producer at lugar ng trabaho kung saan pinapadala ang mga trabahador at ang mga pangalan ng mga trabahador na nagtratrabaho sa work site na iyon sa araw na iyon;
- Ang mga pangalan ng bawat trabahador at mga petsa kung kailan sila nagtrabaho;
- Ang lugar kung saan nagtratrabaho ang bawat trabahador bawat araw;
- Ang prutas, gulay, berry o bulaklak na inani bawat araw ng bawat trabahador; at
- Ang volume o timbang na inani bawat araw ng bawat trabahador.

Ang lahat ng mga rekord ay dapat nasa Ingles. Dapat itago ng tagapag-empleyo ang mga rekord nang dalawang taon pagkatapos natapos ang pagtrabaho.

Bayad sa Pagbiyahe
Kapag dinala ng isang farm labour contractor ang isang trabahador sa bukid na pagtratrabahuhan at pagkatapos ay hindi ito nagbigay ng trabaho, dapat bayaran ng farm labour contractor ang trabahador ang **mas malaki** sa alinman sa:

- Minimum na de-oras na suweldo para sa 2 oras na trabaho; o kaya
- Panahong ginugol sa pagbiyahe mula sa lugar kung saan nanggaling at pabalik doon, o sa isang alternatibong lugar na hindi mas layo at na katanggap-tanggap sa empleyado.

Hindi umaaplay ang pangangailangan na ito kung ang trabaho ay hindi available dahil masamâ ang panahon o dahil sa ibang mga dahilan na wala sa kontrol ng farm labour contractor.

Pagpaskil ng rates ng mga suweldo at pagbayad ng mga suweldo

Dapat ipaskil ng farm labour contractor sa madaling makitang lugar, sa lahat ng mga lugar ng trabaho at sa lahat ng mga sasakyang ginagamit para sa mga empleyado, ang mga suweldo na ibinabayad sa mga trabahador sa bukid.

Dapat ibayad ng farm labour contractor ang mga suweldo mismo sa bank account ng empleyado.

Walang singil para maghanap ng trabaho

Hindi dapat singilin ng farm labour contractor ang isang tao para kunin siya o para kunan siya ng trabaho.

Kaligtasan ng Sasakyan

Ang lahat ng mga sasakyang ginagamit para sa mga trabahador sa bukid ay dapat mintinahin alinsunod sa mga pangangailangan ng Motor Vehicle Act at Division 39 – Road Safety of the Motor Vehicle Act Regulations.

Kung ang sasakyan ay tinanggal sa serbisyo habang ito'y ginagamit ng isang farm labour contractor para sa mga trabahador sa bukid, at nagbigay ang probinsiya ng alternatibong transportasyon, dapat magbayad ang farm labour contractor ng administrative fee na $500 sa direktor.

Pagsuspindi o kanselasyon ng lisensiya

Ang lisensiya ng farm labour contractor ay maaaring suspindihin o kanselahin kung ginawa ng farm labour contractor ang sumusunod:

- Gumawa ng mali o nakalilitong pahayag sa aplikasyon para sa lisensiya;
- Lumabag sa isang kondisyon ng lisensiya;
- Sumalungat sa Batas o sa regulasyon;
- Hindi tumupad sa mga probisyon ng Motor Vehicle Act;
- Inutusang tanggalin ang isang sasakyan mula sa highway para ito'y ayusin habang ito'y ginagamit para sa mga trabahador sa bukid; o kaya
- Hindi tumupad sa Workers Compensation Act o sa Occupational Health and Safety Regulation.

Agriculture compliance team

Ang compliance team ay may kapangyarihan sa ilalim ng Batas na pasukin ang mga bukid kung saan isinasagawa ang trabaho. Ang mga bisita ay hindi inaanunsyo upang maobserbahan ang mga karaniwang pagpapalakad ng negosyo. Kakausapin ng mga miyembro ng team ang farm labour contractor at producer kung sila'y naroroon, iinterbyuhin nila ang mga empleyado, at rerebyuhin nila ang mga rekord.

Ang mga producer at farm labour contractor na ayaw magpahintulot sa pagpasok ng compliance team members ay mapapailalim sa mga multa mula $500 hanggang $10,000.

Ang lahat ng mga pagtukoy sa "direktor" sa factsheet na ito ay may kinalaman sa Director of Employment Standards. Isinasagawa ng compliance team members ang mga tungkulin, kapangyarihan, at gawain ng direktor tulad ng delegado sa ilalim ng Batas.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang "Agriculture" link sa aming website o kontakin ang agriculture hotline sa (604) 513-4604